Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

File SB

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 15 JULY 1996, 9:05 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

- -

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Ferdinand V. Talens	- Member
Kagawad Angeles D. Bautista	- Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	- Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Member
Kagawad Ranulfo C. Bernal	- Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member,
Kagawad Randy P. Valencia	- Member, SK Chairman

Absent:

Kagawad Cesar T. Baticos	- Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	- Member, ABC President

- -

KAPASYAHAN BLG. 067
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. GOBERNADOR RODOLFO G. VALENCIA SA PAMAMAGITAN NI G. CESAR BILAN, ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICER NA PAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS NG 5,000 PANANIM NA GMELINA AT 2,000 PANANIM NA EUCALYPTUS PARA SA REGREENING PROGRAM NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T sa mga programa ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ay nakaprayoridad ang pagtatanim ng mga punong kahoy bilang suporta sa pambansang programa sa paglinang at pagpapaunlad ng kalikasan;

SAPAGKA'T ang mga punong kahoy na ito ay itinatanim hindi lamang sa mga liwasan, tabing-daan at iba pang pampublikong lugal kundi gayundin sa mga tabing-ilog, pampang ng sapa at iba pang pook bilang proteksyon sa mga ito;

SAPAGKA'T ang mga punongkahoy na ito ay nakapagpapaganda sa kapaligiran, katuwang sa pagbaka sa polusyon at isang malaking tulong din sa hanapbuhay ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang mga ganitong pananim na punongkahoy ay kulang na kulang sa bayang ito kaya't ang pangangailangan ay itinutukoy sa kinauukulang awtoridad at ahensya upang ito ay mabigyan ng kaukulang aksyon; at

SAPAGKA'T napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng Roxas na hilingin sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia sa pamamagitan ni G. Cesar Bilan, E N R O na pagkalooban ang bayan ng Roxas ng 5000 pananim na Gmelina at 2000 pananim na Eucalyptus para sa mga barangay ng bayang ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. na inayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia sa pamamagitan ni G. Cesar Bilan,ENRO na pagkalooban ang bayan ng Roxas ng 5,000 pananim na Gmelina at 2,000 pananim na Eucalyptus upang masuportahan ang programang pangkalikasan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia sa pamamagitan ni G. Cesar Bilan, Environment and Natural Resources Officer para sa kanilang kaalaman at maagap na naaayong pag-aksyon.

Pinagtibay: 15 Hulyo 1996

- -

CERTIFIED CORRECT;

VIOLETA F. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED;

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED;

GELACIO I. MASON
Municipal Mayor

merz/
071796